*MODULE 6.5*

# CURRICULUM AND INSTRUCTION
# ANG PAGTUTURO NG MAKABAYAN

## POSTASSESSMENT

*Teacher Induction Program*

Teacher Education Council, Department of Education

# POSTASSESSMENT

Marami ka bang natutunang kaalaman at pamamaraan sa pagtuturo ng Makabayan sa *modyul* na ito? Nawa'y natulungan ka nito sa pag-unawa kung ano ang Makabayan at kung paano isinasagawa ang integrasyon dito. Sana'y nahikayat ka rin nito na higit pang pagbutihin ang iyong pagtuturo at pakikipagtulungan sa mga guro ng iba't ibang komponente ng Makabayan. Tandaang ang matagumpay na integrasyon sa Makabayan ay nakasalalay sa mabuting ugnayan at kooperasyon ninyong mga guro.

Sa ngayon, tingnan nga natin kung gaano mo naunawaan ang nilalaman ng *modyul* na ito. Hangad ng ebalwasyong ito na masukat kung gaano kaepektibo ang iyong naging pag-aaral.

May 80 puntos ang iyong sasagutan. Nakabalangkas sa ilalim ang sistema ng ebalwasyon. *Good Luck* sa iyo!

| | |
|---|---|
| 70 – 80 | **Napakagaling** |
| 60 – 69 | **Magaling** |
| 50 – 59 | **Katamtaman ang galing** |
| 0 – 49 | **Basahin muli ang *modyul*** |

A. Bilugan ang letra ng wastong sagot (25 puntos).

1. Aling saklaw na aralin (*learning area*) sa 2002 BEC ang nagsisilbing pangunahing behikulo sa pagtuturo ng pagpapahalaga?

   A. English C. Makabayan

   B. Filipino D. Science

2. Ang pag-aaral ng Makabayan ay ekspiryensyal. Nangangahulugan itong:

   A. Ang pinag-aaralan ay namamalas at nararanasan sa araw-araw na pamumuhay

   B. Kailangan makisalamuha ang mag-aaral sa kapwa niya mag-aaral.

C. Ang pag-aaral ng Makabayan ay puno ng pagpapahalaga.

D. Ang pag-aaral ng Makabayan ay pagpapakita ng pagmamahal sa bansa.

3. Ano ang Makabayan sa ilalim ng 2002 Basic Education Curriculum?

A. asignatura o sabjek C. saklaw na aralin

B. komponente D. pangunahing lawak

4. Pinaka-interdisiplinaryo ang Makabayan sapagkat:

A. Lahat ng disiplina niya ay puno ng pagpapahalaga.

B. Maraming saklaw na asignatura ang Makabayan na mula sa iba't ibang disiplina.

C. Ang tuon ng Makabayan ay pakikisalamuha sa kapwa sa loob at labas ng klasrum.

D. Nararanasan ang pinag-aaralan sa Makabayan sa araw-araw na pamumuhay.

5. Bakit tinaguriang "laboratoryo ng buhay" ang Makabayan?

A. Sapagkat puno ng pagpapahalaga ang Makabayan.

B. Dahil sa Makabayan puno ng buhay ang pinag-aaralan.

C. Ito ay dahil mahalaga ang Makabayan sa pagpapalawig ng buhay.

D. Sa dahilang sinasalamin ng Makabayan ang buhay at pamumuhay Pilipino.

6. Saang komponente ng Makabayan ibinibilang ang Citizenship Advancement Training (CAT)?

A. Araling Panlipunan C. TLE

B. Edukasyong Pagpapahalaga D. MAPEH

7. Maliban sa Edukasyong Pagpapakatao, ano ang isa pang nagsisilbing *core* ng Makabayan sa unang tatlong baitang ng elementarya?

A. Sibika at Kultura C. MSEP

B. Edukasyon sa Pagpapahalaga D. EPP

8. Aling komponente ng Makabayan ang itinuturo ng 120 minuto bawat linggo?

   A. Araling Panlipunan C. MAPEH

   B. Edukasyon sa Pagpapahalaga D. TLE

9. Alin ang hindi itinuturo sa Makabayan sa unang tatlong baitang ng elementarya?

   A. Edukasyong Pagpapakatao C. Sibika at Kultura

   B. MSEP D. EPP

10. Alin ang integrado sa Sibika at Kultura sa unang tatlong baitang ng elementarya?

    A. Edukasyong Pagpapakatao C. TLE

    B. MSEP D. EPP

11. Tig-ilan ang komponente ng Makabayan sa elementarya at sekundaryang antas?

    A. 2 C. 4

    B. 3 D. 5

12. Ano ang pangunahin at epektibong pamamaraan ng integrasyon sa sekundaryang antas ng Makabayan?

    A. thematic teaching C. generic competency

    B. focusing inquiry D. content-based instruction

13. Ayon sa DepEd, lahat ng mga sumusunod ay pangkat ng *generic competency* ng Makabayan <u>maliban</u> sa:

    A. personal na pag-unlad C. kasanayan sa paggawa

    B. kaalaman sa buhay D. kakayahang panlipunan

14. Alin dito ang nabibilang sa awtentikong pagtatasa (*authentic assessment*):

    A. completion type C. multiple choice

    B. matching type D. portfolio

15. Aling komponente ng Makabayan sa sekundaryang antas ang may pagdadalubhasa pagdating sa ikatlo at ikaapat na taon?

    A. TLE
    B. MAPEH
    C. Araling Panlipunan
    D. Edukasyon sa Pagpapahalaga

16. Aling pamamaraan ng integrasyon ang nakalilinang sa akademikong kakayahan sa wika ng mga mag-aaral?

    A. thematic teaching
    B. focusing inquiry
    C. content-based instruction
    D. generic competency

17. Ang *lifelong learner* ay nangangahulugang:

    A. may kakayahang bumasa at sumulat
    B. may kakayahang matuto habambuhay
    C. makatapos sa pag-aaral
    D. marunong bumasa at sumulat nang makabuluhan

18. Ang *functionally-literate* ay nangangahulugang:

    A. may kakayahang bumasa at sumulat
    B. may kakayahang matuto habambuhay
    C. makatapos sa pag-aaral
    D. marunong bumasa at sumulat nang makabuluhan

19. Aling asignatura ng Makabayan sa elementarya ang lumilinang ng kasanayan at kanais-nais na saloobin sa paggawa?

    A. EPP
    B. Edukasyong Pagpapakatao
    C. Sibika at Kultura
    D. MSEP

20. Aling asignatura ng MAPEH ang nakatuon sa pagpapaunlad ng kaalaman at kakayahan sa kaangkupang pisikal?

    A. Music
    B. Arts
    C. P.E.
    D. Health

21. Sa ilalim ng 2002 BEC, lahat ng guro ay dapat maging guro ng:

    A. pagpapahalaga C. wika

    B. kulturang Pilipino D. siyensya

22. Aling komponente ng Makabayan ang binubuo ng apat na asignatura?

    A. Edukasyon sa Pagpapahalaga C. Araling Panlipunan

    B. MAPEH D. TLE

23. Aling komponente ng Makabayan sa sekundarya ang lumilinang sa kasanayan at tamang saloobin sa paggawa?

    A. Edukasyon sa Pagpapahalaga C. Araling Panlipunan

    B. MAPEH D. TLE

24. Sa Makabayan sa sekundaryang antas, inirerekomenda na ang tematikong pagtuturo ng lahat ng komponente nito ay dapat maganap sa loob ng:

    A. isang araw C. isang linggo

    B. araw-araw D. paminsan-minsan

25. Ang pamamaraan ng integrasyon na nagbibigay tuon sa proseso ng pagsisiyasat bukod sa kaalamang nabatid sa prosesong ito ay ang:

    A. *thematic teaching* C. *focusing inquiry*

    B. *content-based instruction* D. *generic competency*

B. Isulat ang hinihingi ng katanungan (25 puntos)

Ano ang mga komponente ng Makabayan sa elementaryang antas?

1.

2.

3.

4.

Ano ang mga komponente ng Makabayan sa sekundaryang antas?

5.

6.

7.

8.

Ano ang apat na pangunahing lawak ng Technology and Livelihood Education?

9.

10.

11.

12.

Ano ang pamagat at siya na ring tuon ng Araling Panlipunan sa ikalawang taon ng sekundarya?

13.

Ano ang tuon ng P.E. sa unang markahan ng apat na taon nito sa sekundarya?

14.

Ano ang mga pamamaraan ng integrasyon sa Makabayan?

15.

16.

17.

18.

Ano ang mga komponente ng Makabayan na may pareparehong takdang oras ng pagtuturo at bilang ng kredit sa una hanggang ikatlong taon ng sekundarya?

19.

20.

21.

Apat na Katangian ng Makabayan Bilang Saklaw na Aralin

22.

23.

24.

25.

C. Matapos mo basahin ang *modyul* na ito, sinabihan ka ng principal mo na ibahagi sa mga kapwa guro mo ang iyong natutunan mula rito. Ang iyong pagbabahagi ay dapat tumugon sa kung ano ang integrasyon, ang iba't ibang pamamaraan ng integrasyon, ang iba't ibang antas ng integrasyon at ang pagkakaiba ng integrasyon sa elementarya at sekundarya. (15 puntos)

D. Ikaw ay inatasang mamuno sa mga guro ng Makabayan sa iyong paaralan upang bumuo ng isang pinagsama o integradong banghay-aralin. Ito ay isang hamon sa iyong kakayahan na batid mong kaya mong gampanan. Ano ang mga hakbang mong gagawin upang makabuo kayo ng isang integrado o pinagsamang banghay-aralin? (15 puntos)